# Mobile na Sentro ng Pagbawi sa Sakuna Bukas na sa Brevard County

**Release Date: Nobyembre 8, 2024**

**TALLAHASSEE, Fla.** – Binuksan ng FEMA ang Mobile na Sentro ng Pagbawi sa Sakuna sa Brevard County upang magbigay ng sa-bawa't-isang tulong sa mga Floridians na  naapektuhan ng Bagyong Milton. Ang mga nakaligtas sa Bagyong Helene o sa Bagyong Debby ay maaari ring mapaglingkuran sa sentro.

Ang mga nakaligtas ay **hindi** kailangang bumisita sa isang sentro para mag-apply para sa tulong. Ang mga nakaligtas ay hinihikayat na mag-apply sa online sa DisasterAssistance.gov o sa pamamagitan ng pag-download ng FEMA App. Ang FEMA ay hindi namamahagi ng pera sa mga Sentro ng Pagbawi sa Sakuna.

**Lugar ng Sentro:**

**Brevard County**

UF/IFAS Ag Center
3695 Lake Drive
Cocoa, FL 32926
Mga oras: 8 a.m.–6 p.m. Lunes - Linggo.

Upang makahanap ng iba pang mga lokasyon ng sentro pumunta sa fema.gov/drc o mag-text ng "DRC" at isang Zip Code sa 43362. Ang lahat ng mga sentro ay maa-access ng mga tao na may mga kapansanan o mga pangangailangan sa pag-access o paggawa at nilagyan ng pantulong na teknolohiya.

Ang mga may-ari ng bahay at mga nangungupahan ay hinihikayat na mag-apply sa online sa DisasterAssistance.gov o sa pamamagitan ng paggamit ng FEMA App. Maaari ka ring mag-apply sa pamamagitan ng telepono sa **800-621-3362.** Kung napili mong mag-apply sa pamamagitan ng telepono, mangyaring maunawaan na ang mga paghihintay ay maaaring higit na matagal dahil sa nadagdagang dami ng mga maraming nakaraang sakuna. Ang mga linya ay bukas araw-araw at ang tulong ay makukuha sa maraming mga wika. Kung

gumagamit ka ng isang relay service, teleponong may caption o iba pang serbisyo, ibigay sa FEMA ang iyong numero para sa ganoong mga serbisyo. Para sa maa-access na video kung paano mag-appy para sa tulong pumunta sa FEMA Accessible: Applying for Individual Assistance - YouTube.

Para sa pinakahuling impormasyon tungkol sa pagbawi sa Bagyong Milton, bumisita sa fema.gov/disaster/4834. Para sa impormasyon sa pagbawi sa Bagyong Helene, bumisita sa fema.gov/disaster/4828. Para sa impormasyon sa pagbawi sa Bagyong Debby, bumisita sa fema.gov/disaster/4806. Sundan ang FEMA sa X sa x.com/femaregion4 o sa Facebook sa facebook.com/fema.

###

*Ang misyon ng FEMA ay ang pagtulong sa mga tao bago pa man, habang at pagkatapos ng mga sakuna*

*Ang FEMA ay nakatuon sa pagtitiyak na ang tulong sa sakuna ay maisakatuparan ng pantay-pantay, nang walang diskriminasyon sa kadahilanan ng lahi, kulay, nasyonalidad, kasarian, oryentasyong sekswal, relihiyon, edad, kapansanan, kasanayan sa Ingles, o kalagayang pang-ekonomiya. Ang sinumang nakaligtas sa sakuna o miyembro ng publiko ay maaaring makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Karapatang Sibil ng FEMA kung naramdaman nila na mayroong reklamo ng diskriminasyon.  Maaaring makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Karapatang Sibil ng FEMA sa FEMA-OCR@fema.dhs.gov o nang walang bayad sa 833-285-7448.*